

# Kailangan ko ba ng turok para sa trangkaso at bakuna sa COVID-19



Oo, **mahalagang** makakuha ng **BAWAT turok para sa trangkaso**, na mayroon na ngayon, at ng **bakuna sa COVID-19** kapag mayroon na nito para sa iyo. Habang ang pamayanan ay lumalaban sa virus ng COVID-19 mula Marso ng 2020, ang virus ng trangkaso ay lumalabas kada taon sa pagitan ng pagtatapos ng taglagas at pagsisismula ng tagsibol.



## Katotohanan sa Turok para sa Trangkaso

Ang pagkuha ng turok para sa trangkaso ay makakaiwas sa mga tao **mula sa pagkakasakit** at pangangailangan ng atensiyong medikal dahil sa trangkaso.


- Lahat ng 6 buwan at mas matanda pa ay dapat kumuha ng **TUROK PARA SA TRANGKASO BAWAT TAON**. Hindi ka magkakaroon ng trangkaso mula sa turok ng trangkaso.
- Aabot ng mga **2 linggo para sa antibodies** na mabuo sa katawan at makapagbigay ng proteksyon laban sa trangkaso.
- Ang ibang tao na nagpaturok ay maaari pa ring magkatrangkaso, pero kadalasan ay **hindi kasing lubha**.
- Kung lalabas ang ibang epekto, na maaaring bahagi na ng pagtugon ng immune system sa turok, ito ay kadalasang **mahina at tatagal lang ng maikling panahon**.



## Katotohanan sa Bakuna sa COVID-19

**Mahalagang makakuha ng bakuna** sa lalong madaling panahon para makatulong sa paghinto sa pagkalat ng COVID-19. Ang pagbabakuna ay ibibigay muna sa mga tauhan sa pangkalusugan at sa mga residenteng matagal nang inaalagaan at mga tauhan.

- Ang bakuna sa COVID-19 ay dumaan sa mahigpit na pagsusuri at ito ay **LIGTAS AT EPEKTIBO**.
- **2 DOSIS** ng karamihan sa bakuna sa COVID-19, na ibinibigay ng 3 – 4 linggong pagitan, ay magbibigay ng pinakamabuting proteksyon.
- Kahit na **matapos mong makuha ang bakuna**, mahalagang panatilihin ang pagsusuot ng mask para takpan ang iyong bibig at ilong, paghuhugas ng iyong mga kamay, at pananatiling malayo sa 6 talampakan mula sa iba.
- Ang bakuna sa COVID-19 **ay sasakupin ng** lahat ng pampubliko at pribadong pangkalusugang insurance.



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa bakuna sa COVID-19, bumisita sa [vdh.virginia.gov/covid-19-vaccine](https://vdh.virginia.gov/covid-19-vaccine) o tumawag sa 877-ASK-VDH3.



**VDH** VIRGINIA  
DEPARTMENT  
OF HEALTH